

“Kurso sa pagsasanay para sa Taga-pagsalin ng wika sa pamayanan na ang wika ay Tagalog”

Mahigit sa dalawampung libong Pilipino ang naninirahan sa loob ng prepektura ng Kanagawa. Taun-taon dumarami ang nangangailangan ng mga Tagapag-saling wika sa mga lugar tulad ng Munisipyo, Ospital at Paaralan. Ngunit dahil sa kakulangan ng bilang ng mga nakarehistrong tagapag-saling wika, ikinalulungkot naming ipaalam na ang ilan sa mga ito ay kinakailangan naming tanggihan.

Sa mga Pilipinong mamayan ng Prepektura ng Kanagawa na naninirahan na ng ilang taon sa bansang Hapon. Ang ilan sa inyo ay mayroon nang sapat na kakayahan sa pagsasalita ng wikang Hapon. Maari din na napaghingan na kayo ng tulong ng inyong mga kakilala o kaibigan upang tulungan sila sa pagsasalin ng wika. Ang *Gabay sa iba't-ibang wika sa Kanagawa* ay nagtataguyod ng kurso sa pagsasanay upang makamit ang maayos at mahusay na pagsasalin ng wika na magagamit ninyo sa mga aktibidad sa inyong komunidad.

Sa mga nagnanais na mahasa ang kakayanan sa pagsasaling wika o nais maging isang tagapag-salin wika, lumahok na. Libre ito.Wala itong bayad.

Araw at Oras:

Ika-1 araw: Enero 19, 2019 (Sabado) 10:00-12:40
Ika-2 araw: Pebrero 16, 2019 (Sabado) 10:00-12:40

Punto: Para ito sa mga mamamayan ng Kanagawa na ang wika ay Tagalog. Mga kasapi sa aktibidad ng Tagapag-salin ng wika sa kanilang komunidad o sa mga interesado sa pagsasalin ng wika. Limitado sa 15 kataong mauuna.

Lugar: Kanagawa Kenmin Center (*kaigi shitsu*) 4 na minutong lakad mula sa estasyon ng Yokohama.

Nilalaman ng Kurso:

Ika-1 araw : “Pagsasalin ng wika sa tanggapan ng Hellowork”

- (1) Paghahanap ng trabaho at mga benepisyo ng maggagawa sa kawalan ng trabaho
- (2) Mga pamamaraan sa mahusay na pagsasalin
- (3) Pagsasanay ng pagsasalin sa pamamagitan ng role-play

Ika-2 araw : “Pagsasalin-wika sa eksena ng pangangalaga ng bata”

- (1) Pagsasalin ng wika sa tanggapan ng nursery at kindergarten
- (2) Pagsasanay sa pagsasalin ng wika (role-play)
- (3) Mga karanasan ng mga taga-pagsalin ng wika